

KAHILINGAN SA MGA RESIDENTE NG HOKKAIDO

Nang dahil sa pang unawa at pakikiisa ng bawat isa, ang bagong kaso ng impeksyon ay nagkaroon ng malaking kabawasan, subalit kinakailangan parin na ipagpatuloy ang pagpigil sa paglawak ng impeksyon.

Lalo na sa panahon ng paglipat ng mga tao at pagkakaroon ng salu-salo na kung saan magiging mataas ang peligro ng impeksyon at nawa ay maging maayos ang sitwasyon na makakapag pabakuna nang ligtas. Kaya muling hinihiling ang masidhing pakikiisa ng bawat isa na sundin ang mga pamamaraan upang mapigilan ang muling paglawak ng impeksyon.

©Hiling na Espesipikong Pook (3/27 ~ 4/16)

- Upang makaiwas sa panganib ng impeksiyon, pigilan ang sarili mula sa
 - Hindi mahalaga, hindi apurahan na paglabas sa loob ng siyudad ng Sapporo.
 - Hindi mahalaga, hindi apurahan na paroo't parito ng siyudad ng Sapporo.

©Lahatang Hiling Ng Hokkaido

Paglabas ng tahanan	<ul style="list-style-type: none">• Iwasang magparoon parito sa mga preperektura na kung saan hinihiling ang kooperasyon sa pagpapatupad nga mga panlaban sa impeksyon at iba pa• Mga lugar o preperektura na kung saan nararapat na ipatupad ang “Pangunahing mga Hakbang sa pag iwas sa impeksyon” (*) at pag iwas sa pagbiyahe sa mga lugar/preperektura na sumusunod *Miyagi, Osaka, Hyogo, Tokyo, Kyoto, Okinawa (2021/4/12 kasalukuyan)
Salu-salo	<ul style="list-style-type: none">• “Mokushoku” o huwag magsasalita habang kumakain (hanggang 4 tao, maikling oras, huwag uminom nang marami, huwag magsalita nang malakas, magsuot ng mask kung mag-uusap)
Trabaho	<ul style="list-style-type: none">• Patuloy na pagsasagawa ng Mga Gabay ng iba't ibang Industriya o Bagong Istilo ng Hokkaido

LALO NA NGAYONG PAGTATAPOS AT PAGSISIMULA NG PISKAL NA TAON

Simula Marso hanggang Abril ay panahon ng Paglipat ng mga tao na kung kailan ginaganap ang Farewell Party at Welcome Party. Ganoon rin, kasalukuyang pagsasagawa ng bakuna sa mga priority. Kaya masidhing hinihiling ng Gobyerno ang pakikiisa ng bawat isa upang mapigilan ang muling paglawak ng impeksyon.

Graduation/Entrance Ceremony

Para sa Graduation, Entrance Ceremony ng Eskwela at Kompanya na kung saan masidhing isinasagawa ang ang mga pamamaraan sa pagpigil ng impeksyon tulad ng distansya sa bawat isa, ang mga paraan ng pagsasagawa nito at pag iisipan.

Farewell/Welcome Party

Iwasan ang pagsasagawa ng mga salu-salo tulad ng Farewell at Welcome Party.

Paglalakbay

Iwasan ang paglalakbay pagkatapos ng Graduation kung hindi maiiwasan nag pagsalu-salo ng maramihan o kaya ay ang pag extend nito na kung maaari ay ganapin sa hindi mataong karaniwang araw.

Entrance/Inauguration Ceremony

Maging flexible ang araw ang pagsasagawa ng Inauguration Ceremony upang mahati ang panahon ng paglipat ng tirahan at pag iingat sa sariling kalusugan hanggang sa araw ng Entrance/Inauguration Ceremony.